# Paggamit ng My Number Card bilang Health Insurance Card


Sa pamamagitan ng pag-verify ng iyong kwalipikasyon gamit ang iyong My Number Card at iba pa, maaari kang magpakonsulta nang binabayaran lamang ang 10% hanggang 30% na kailangan mong bayaran.Kapag magpapakonsulta sa institusyong medikal o paramasya, kukumpirmahin ang iyong kwalipikasyon gamit ang alinman sa mga sumusunod:



**My Number Card**

**Sertipiko ng Kwalipikasyon**

## My Number Card




Kapag magpapakonsulta sa institusyong medikal o parmasya gamit ang My Number Card na inirehistro bilang Health Insurance Card, gagamit ng card reader na may facial recognition para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan at kwalipikasyon.



### Mga benepisyo ng pagpapakonsulta gamit ang iyong My Number Card

- ✓ **Makakatanggap ng mahusay na pangangalagang medikal batay sa data.**
- ✓ **Malilibre ka sa pagbabayad sa halagang lumampas sa itinakdang limitasyon ng mataas na gastusing medikal nang walang karagdagang proseso.**



## Sertipiko ng Kwalipikasyon




Para sa mga walang My Number Card o mga hindi ito nairehistro bilang Health Insurance Card, maaaring gamitin ang  o Sertipiko ng Kwalipikasyon.

**Foreign Language Brochures** (15 languages)

My Number Card as your Health Insurance Certificate

ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

Bersyon sa Tagalog / タガログ語版

# Pagpaparehistro ng My Number Card bilang Health Insurance Card

**Kailangan magparehistro upang magamit ang My Number Card bilang Health Insurance Card. Tulad ng sumusunod:**

**Mag-log in sa Mynaportal**

iOS

Android




## Paano sumailalim sa medikal na pagsusuri gamit ang iyong My Number Card



**Kapag magpapakonsulta sa institusyong medikal o parmasya gamit ang My Number Card na inirehistro bilang Health Insurance Card, gagamit ng card reader na may facial recognition para ma-verify ang iyong pagkakakilanlan at kwalipikasyon.**

### 1 Bumisita sa medikal na pasilidad

Ilagay ang iyong My Number Card.



### 2 I-verify ang iyong pagkakakilanlan

Pumili ng paraan ng pag-verify ng iyong pagkakakilanlan.

**Facial recognition**





OR

**PIN (4 digits)**




### 3 Kumpirmahin ang mga bagay na kailangan ng pagsang-ayon

Kumpirmahin at piliin ang paggamit ng pagsusuri o pagpapagamot, gamot, partikular na impormasyon para sa pagsusuri sa kalusugan, at iba pa.




### 4 Nakumpleto na ang pagtanggap

Kung lumabas ang sumusunod na screen, nakumpleto na ang pagtanggap.




Pakisuyong kunin ang card at maghintay sa waiting room.

**Tungkol sa call center (suporta sa wikang banyaga)**

# 0120-0178-27

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Thai, Nepali, Indonesian, Vietnamese, Tagalog

- Tungkol sa My Number Card, Individual Number Notification, at Notification Card
- Tungkol sa pansamantalang pagsuspinde ng paggamit dahil sa pagkawala o pagnanakaw ng My Number Card o smartphone na may elektronikong sertipiko.

Bersyon sa Tagalog / タガログ語版